Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-10 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-5 NG SETYEMBRE, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN.**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - - - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

| | |
|---|---|
| Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio | Igg. Christopher Aron C. Del Rosario |
| Igg. Jose Antonio V. Lava | Igg. Bienvenido M. Cruz Jr. |
| Igg. Aron Ronald R. Cruz | Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan |
| Igg. Marbin J. Garcia | Igg. Rchie E. San Jose |
| | Igg. Miguel Leonardo (SK) |

**LAHAT AY NAKADALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 35 - 2022

**KAPASIYAHANG BAYAN NA HUMIHILING KAY IGINAGALANG RAFAEL T. TULFO SENADOR, REPUBLIKA NG PILIPINAS, NA MAKAPAGPATAYO NG ISANG BAGONG TULAY NA KUKUNEKTA SA BARANGAY SAN FRANCISCO AT BARANGAY MATUNGAO SA BAYAN NG BULAKAN**

May Akda: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan

**SAPAGKAT,** ang lokal na Pamahalaang Bayan ng Bulakan ay naglalayong maitaas ang antas at kalidad ng serbisyo publiko para sa lahat ng mamamayan nito;

**SAPAGKAT,** isa sa pangunahing programa na tinutugunan ng lokal na pamahalaan ay ang maipaabot ang alternatibo at agarang pagtugon sa pangangailangan ng mga mamamayang Bulakenyo;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ay naglalayong makakalap ng sapat na pondo upang matugunan ang pangangailangang pang imprastraktura para sa ikabubuti ng mga mamamayan ng bayan ng Bulakan;

**SAPAGKAT,** may pangangailangan ang mga residenteng naninirahan sa barangay Matungao at San Francisco upang mapabilis at mapaikli ang ang oras ng lalakbayin, mapabuti ang tranportasyon ng mga ani mula sa bukid at iba pang kalakal patungo sa mga "expressways at national highways";

**SAPAGKAT,** magbigay ginhawa at katipiran sa mga mag aaral na maabot ang kalidad na edukasyong pang kolehiyo sa Bulacan State University Meneses Campus na matatagpuan sa barangay Matungao ;

**SAPAGKAT,** ang pagkakaroon ng maagap na paghahanda ay malaking kaparaanan upang maipaabot ang maagap na pagseserbisyo para sa ating mga kababayang Bulakenyo;

**SA MUNGKAHI,** ni Igg. Aron Ronald R. Cruz, na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Hilingin Kay Iginagalang Rafael T. Tulfo Senador, Republika Ng Pilipinas, Na Makapagpatayo Ng Isang Bagong Tulay Na Kukunekta Sa Sitio Capulid, Barangay San Francisco At sa Purok 3, Barangay Matungao Sa Bayan Ng Bulakan

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PAGPAPATUNAY:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**PINAGTIBAY** at **NILAGDAAN:**

**VERGEL C. MENESES**
Punong Bayan
09-16-22